

Bagong Pangkalusugang Coverage Para sa Mga Adult

Simula noong Enero 1, 2019, mas maraming mga adult na nakatira sa Virginia ang nakakakuha ng de-kalidad, mura at libreng pangkalusugang insurance!

Ano ang Bagong Pangkalusugang Coverage Para sa Mga Adult?

Nagbago ang mga patakaran para sa Medicaid. Nangangahulugan ito na kung nag-apply ka para sa Medicaid sa nakaraan at tinanggihan, maaaring nararapat ka na ngayon. Simula noong Nobyembre 1, 2018, mas maraming tao ang nakaka-apply para maging kuwalipikado para sa pangkalusugang insurance sa pamamagitan ng Medicaid. Magsisimula ang mga benepisyo sa Enero 1, 2019.

Ang mga taong nagtatrabaho sa retail, konstruksiyon, pag-aalaga ng bata, landscaping, serbisyong pagkain at marami pang mga ibang trabaho na hindi nagbibigay ng pangkalusugang insurance, ay maaaring nararapat na.

Ang bagong pangkalusugang coverage para sa mga adult ay nagbibigay ng magagandang benepisyo para sa mga pamilyang mababa ang kita na maaaring walang nakukuhang pag-aalaga sa kalusugan.

Ano ang Nasasaklawan Nito?

Sinasaklawan ng bagong pangkalusugang insurance ang mga adult para sa:

- Doktor, ospital at mga pang-emerhensiyang serbisyo
- Mga de-resetang gamot
- Mga serbisyo ng laboratoryo at X-ray
- Pag-aalaga sa pagbubuntis at sa bagong panganak
- Mga serbisyong pangmatagalan at pangsuyporta
- Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan
- Mga serbisyo sa kalusugan sa pag-uugali kabilang ang mga serbisyo sa pagkalulong at paggaling
- Mga pangherabilasyong serbisyo kabilang ang mga therapy sa pisikal, occupational, aat pananalita
- Transportasyon papaunta sa mga serbisyong nasasaklawan ng Medicaid kapag walang mga magagamit na alternatibo
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya
- Medikal na kagamitan at mga supply
- Mga serbisyong pang-iwas at pangkabutihan ng kalagayan at mga serbisyo sa pamamahala ng hindi gumagaling na sakit
- At marami pa!

Sino ang Nasasaklawan?

Maaaring nararapat ang mga adult para sa bagong pangkalusugang pagsasaklaw kung sila ay:

- Nakatira sa Virginia
- Nasa edad na 19 – 64
- Hindi nakakatanggap o nararapat para sa Medicare
- Nakatutugon sa mga pangangailangan sa kita, na nagbabago ayon sa laki ng pamilya

Limitasyon sa Pagsasaklaw ng Kita ng Adult (Kabuaan*)

Laki ng Pamilya	Buwanan	Taunan
1	\$1,677	\$20,121
2	\$2,268	\$27,214
3	\$2,859	\$34,307
4	\$3,450	\$41,400
5	\$4,042	\$48,494
6	\$4,633	\$55,587

* Epektibo simula sa ika-20 ng Enero, 2023 . Taunang iniakma ang limitasyon ng kita

Paano ako makapag-apply ng trabaho?

- Tumawag sa Cover Virginia Call Center sa numerong 833-5CALLVA. May mga tagapagsaling-wika. Ikokonekta kayo ng aming mga kinatawan sa taong nagsasalita ng nais mong wika.
- Kumpletuhin ang online na aplikasyon sa Common Help: www.commonhelp.virginia.gov
- Kumpletuhin ang online na aplikasyon sa The Health Insurance Marketplace: www.healthcare.gov
- Magpadala sa koreo o magdala ng papel na [aplikasyon](#) sa lokal mong Department of Social Services

Para sa listahan ng mga dokumento na kakailanganin mo kapag nag-apply ka, pumunta sa www.coverva.org at i-click ang pahina ng Apply.